## PAGTUGON SA MGA PANGANGAILANGAN SA IMIGRASYON

Ang misyon ng lungsod ng Irvine ay lumikha at mapanatili ang isang komunidad kung saan maaaring manirahan, magtrabaho, at manatiling masaya ang mga tao sa isang ligtas, masigla, at kaaya-ayang kapaligiran. Ang tugon ng lungsod tungkol sa mga usapin na may kaugnayan sa imigrasyon ay hindi nagbago. Patuloy na nakatuon ang lungsod ng Irvine sa pagbibigay ng natatanging serbisyo sa lahat ng nasa komunidad, anuman ang kanilang katatayuan sa imigrasyon.

## MAYROON KANG MGA KARAPATANG KONSTITUSYONAL

Ang lahat ng mga mamamayan maging dokumentado o hindi ay may mga karapatan sa bansang ito.

Siguraduhing alam mo kung ano ang dapat gawin kung lalapitan ka ng mga opisyal ng U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE).

Ipagbigay-alam sa inyong mga kapamilya kabilang ang mga kabataan, sa buong kasambahay, mga kapitbahay, at mga katrabaho, anuman ang kanilang estado sa imigrasyon, ang kanilang karapatan na manahimik kung ang ICE o pulisiya ay dumating sa inyong tahanan, kapitbahayan, eskwelahan, simbahan o lugar ng trabaho. Kayo ay may karapatan na manahimik.

Maaari mong tanggihan ang pakikipag-usap sa isang opisyal ng ICE. Huwag sagutin ang anumang tanong, lalo na tungkol sa iyong lugar ng kapanganakan, estado ng imigrasyon, o kung paano ka pumasok sa Estados Unidos. Sabihin na nais mong manatiling tahimik hanggang makausap mo ang isang abogado.

Mayroon kang karapatang humiling ng warrant bago papasukin ang sinuman sa iyong tahanan.

Huwag buksan ang iyong pinto sa mga awtoridad na walang warrant.

Hindi mo kailangang buksan ang pinto maliban kung ipakita sa iyo ng isang opisyal ng ICE ang warrant na pirmado ng isang hukom na may tamang pangalan at address mo. Kung sinasabi nilang mayroon silang warrant, huwag mong buksan ang pinto para ipakita nila ito sa iyo. Hilingin sa kanila na ipadaan ito sa ilalim ng pinto o sa isang bintana. Mayroon kang karapatang makipag-usap sa isang abogado at tumawag sa telepono.

Huwag pumirma sa anumang dokumento. Mayroon kang karapatang tumangging pumirma sa anumang dokumento. Kailangan mo munang makipag-usap sa isang abogado.

Maaari nitong alisin ang iyong karapatang makipag-usap sa isang abogado o magkaroon ng pagdinig sa harap ng isang hukom ng imigrasyon. Maaari itong humantong sa iyong agarang deportasyon ng walang makatarungan na paglilitis.

Mayroon kang karapatang tumanggi na ipakita ang anumang ID o dokumento hangat hindi ka nakikipag-usap sa iyong abogado.

Manatiling kalmado. Huwag mong subukang tumakas o tumakbo. Kung gagawin mo ito, maaaring gamitin ito laban sa iyo ng ICE o pulisya.

TULONG LEGAL

**California Department of Social Services (CDSS) – Immigration Services Bureau (ISB)** [cdss.ca.gov/inforesources/immigration] (https://cdss.ca.gov/inforesources/immigration) Telepono • 916-651-8017

Ang CDSS ISB ay bumubuo at nagpapatupad ng malawak na mga programa na nagbibigay ng pondo sa mga nonprofit sa buong estado ng California upang magbigay ng libreng legal na serbisyo sa imigrasyon, edukasyon, at pagpapalaganap ng impormasyon sa komunidad, pati na rin ang iba pang mahalagang pagsisikap sa pagsasama at integrasyon ng mga imigrante.

**Community Legal Aid SoCal** [communitylegalsocal.org](https://communitylegalsocal.org) Telepono 714-571-5200

Ang Immigration Unit ay tumutulong sa mga imigrante na nakaranas ng karahasan sa tahanan at biktima ng krimen upang makalampas sa legal na sistema upang matiyak na maaari silang mamuhay nang walang patuloy na takot sa deportasyon.

**Public Law Center (PLC)** [publiclawcenter.org/immigration] (https://publiclawcenter.org/immigration/) Telepono 714-541-1010

Ang PLC ay tumutulong sa mga kapus palad na mga imigrante sa Orange County sa pagbibigay ng libreng konsultasyon, pagsasampa ng iba't ibang anyo ng immigration relief sa USCIS, pagtatanggol sa deportasyon sa korte ng imigrasyon, at iba pa.

**Asian Americans Advancing Justice Southern California** [ajsocal.org/immigration]( https://ajsocal.org/immigration)

Telepono 888-349-9695

Nagbibigay ng mga toolkit para sa kaligtasan at iba't ibang serbisyo sa suporta sa imigrasyon.

**Coalition for Humane Immigrant Rights (CHIRLA)**

[chirla.org/what-we-do/programs-initiatives/legal-services] (https://chirla.org/what-we-do/programs-initiatives/legal-services/)  Telepono 213-353-1333

Ang CHIRLA ay kinikilala ng Board of Immigration Appeals (BIA) at nag-aalok ng abot-kayang legal na serbisyo sa imigrasyon. Lahat ng legal na tauhan ay pinangangasiwaan ng mga lisensyadong abugado, kabilang ang mga akreditadong kinatawan at paralegal.

**Korean Resource Center**  [krcla.org] (https://krcla.org)  Telepono714-869-7624

Nagbibigay ang KRC ng iba't ibang uri ng serbisyong panlipunan kaugnay sa imigrasyon, kalusugan, at pabahay upang matulungan ang ating komunidad na may mababang kita.

**Access California Services**  [accesscal.org/case/citizenship-and-immigration] (https://accesscal.org/case/citizenship-and-immigration/)  Telepono 714-917-0440

Binubuo ang pangkat ng mga DOJ Accredited Representatives at isang abugado sa imigrasyon na tumutulong sa aming mga kliyente sa iba’t ibang serbisyong pang-imigrasyon, kabilang ang tulong sa naturalisasyon.

**International Rescue Committee (IRC)**

• [rescue.org/united-states/los-angeles-ca] (https://rescue.org/united-states/los-angeles-ca)  Telepono 818-550-6220

Nagbibigay ang IRC ng mga oportunidad para sa mga refugee, asylee, biktima ng human trafficking, survivor ng torture, at iba pang imigrante upang umunlad sa Amerika.

**Loyola Immigrant Justice Clinic (LIJC)**
[lls.edu/academics/experientiallearning/clinics/loyolaimmigrantjusticeclinic] (https://lls.edu/academics/experientiallearning/clinics/loyolaimmigrantjusticeclinic/)
Telepono 213-252-7409

Nakatuon ang LIJC sa pagbibigay ng representasyon sa mga indibidwal na hindi makakuha ng legal na serbisyo sa imigrasyon, lalo na sa mga imigrante na may komplikasyon sa imigrasyon o kriminal na usapin sa East Los Angeles.

**UCI Immigrant Legal Services**  [dream.uci.edu/uc-immigrant-legal-services] (https://dream.uci.edu/uc-immigrant-legal-services/)

Nagbibigay ang UCI Immigrant Legal Services Center ng libreng serbisyong legal kaugnay ng imigrasyon sa mga estudyante at kanilang agarang miyembro ng pamilya (asawa, kapatid, anak, at magulang).

**Western State College of Law — Immigration and Deportation Defense Clinic**

• [wsulaw.edu/academics/immigration-and-deportation-defense-clinic] (https://wsulaw.edu/academics/immigration-and-deportation-defense-clinic/)

Kung ikaw ay isang miyembro ng komunidad na naghahanap ng legal na representasyon o tulong, tawagan ang 714-459-1196 o mag-email sa wsclimmdefenseclinic@wsulaw.edu.

**Catholic Charities of Orange County** [ccoc.org/programs/human-services/immigration-citizenship-services] (https://ccoc.org/programs/human-services/immigration-citizenship-services) Telepono 714-347-9610

Ang CCOC Citizenship & Immigration Services ay isang sangkay ng DOJ (Department of Justice) o accredited team na nagbibigay ng mga serbisyo sa pagkamamamayan, kabilang ang libreng edukasyon sa pagkamamamayan, abot-kayang naturalisasyon, at serbisyo sa mga refugee.

**Orange County Justice Fund (OCJF)** [ocjusticefund.org](https://ocjusticefund.org)

Ang OCJF ay nakatuon sa pagpapalakas ng pagbabago sa sistema ng imigrasyon upang matiyak na ang pinakamahihinang imigrante at refugee sa Orange County, na apektado ng detensyon at deportasyon, ay mabibigyan ng epektibong legal na representasyon, karapatang due process, at mga serbisyo para sa reintegrasyon sa komunidad.

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

**Immigrant Legal Resource Center**

**Red Cards**

ilrc.org/red-cards-tarjetas-rojas] (https://ilrc.org/red-cards-tarjetas-rojas)

Tumutulong ang Red Cards ng ILRC sa mga tao na ipaglaban ang kanilang mga karapatan at ipagtanggol ang sarili sa iba’t ibang sitwasyon, tulad ng kapag ang mga ahente ng ICE ay pumunta sa isang tahanan. Ito ay nasusulat sa 19 na wika.

**Know Your Rights & What Immigrant Families Should Do Now**

[ilrc.org/resources/know-your-rights-and-what-immigrant-families-should-do-now] (https://ilrc.org/resources/know-your-rights-and-what-immigrant-families-should-do-now)

Nagbibigay ang dokumentong ito ng praktikal na mga gabay kung ano ang maaaring gawin ng mga pamilyang imigrante ngayon upang maghanda, pati na rin impormasyon tungkol sa

mga karapatan ng bawat tao sa Estados Unidos, anuman ang kanilang estado sa imigrasyon. Ito ay nasusulat sa siyam na wika.

**National Immigration Law Center**

[nilc.org/wp-content/uploads/2023/03/2025.01.14-KYR-What-To-Do-If-Arrested-ENGLISH-Final-JAN.pdf]

(https://nilc.org/wp-content/uploads/2023/03/2025.01.14-KYR-What-To-Do-If-Arrested-ENGLISH-Final-JAN.pdf)

Ano ang dapat gawin kung ikaw ay tinanong, inaresto, o ikinulong ng imigrasyon at iba pang mga pagpapatupad ng batas.

**California Department of Justice, Office of the Attorney General**

oag.ca.gov/system/files/attachments/press-docs/Know%20Your%20Immigration%20Rights%5B88%5D.pdf]
(https://oag.ca.gov/system/files/attachments/press-docs/Know%20Your%20Immigration%20Rights%5B88%5D.pdf)

Alamin ang iyong mga karapatan sa imigrasyon at proteksyon sa ilalim ng batas.

TULONG MULA SA FEDERAL NA AHENSYA

Kung hindi ka makakuha ng sagot mula sa isang federal na ahensya sa tamang oras, o kung sa tingin mo ay hindi ka makatarungang tinatrato, maaaring makatulong ang tanggapan ng iyong Senador o Kongresista sa paglutas ng problema o pagkuha ng impormasyong kailangan mo.

**U.S. Senator Alex Padilla**

padilla.senate.gov/services/agency-assistance]
(https://padilla.senate.gov/services/agency-assistance/)

**U.S. Senator Adam Schiff**

[schiff.senate.gov/helping-you/help-with-a-federal-agency]
(https://schiff.senate.gov/helping-you/help-with-a-federal-agency/)

**U.S. Representative Dave Min**

[min.house.gov/services/help-federal-agency] (https://min.house.gov/services/help-federal-agency/)